MAZI
ΣΤΗΝ ΑΠΟΣΤΟΛΗ
SAMA-SAMA SA MISYON

DISYEMBRE 2026
KALENDARYO NG PANALANGIN

SAMA-SAMA SA MISYON

Sama-samang Pagbasa ng Biblia at Pananalangin

Mga minamahal na kaibigan,

Sa pagtatapos ng 2026, alalahanin natin nang may pasasalamat ang katapatan ng Diyos at harapin ang bukas nang may pag-asa. Ang Diyos na gumabay sa atin hanggang ngayon ang Siya ring may hawak ng ating kinabukasan!

"…ang kanyang mga habag ay hindi natatapos; sariwa ang mga iyon tuwing umaga, dakila ang iyong katapatan." Mga Panaghoy 3:22-23 (AB 2001)

Pagpalain nawa kayo ng Diyos nang sagana sa buong 2027!

Kagawaran ng Ministeryo ng Panalangin
Misyong Griyego ng mga Adventista ng Ikapitong Araw



DIS. 1-5
Matuto mula sa Nakaraan
Alalahanin kung paano tayo ginabayan ng Diyos.

DIS. 6-12
Ituwid ang Dapat Ituwid
Hayaang magpagaling at magpanumbalik ang biyaya ng Diyos.

DIS. 13-19
Pasasalamat sa Ngayon
Kilalanin ang kabutihan ng Diyos sa kasalukuyan.

DIS. 20-26
Pasasalamat sa Pag-asa para sa Bukas
Magalak kay Jesus, ang ating Tagapagligtas at darating na Hari.

DIS. 27-31
Salubungin ang mga Bagong Simula
Magtiwala sa Diyos na nagpapabago sa lahat ng bagay.

LINGGO	LUNES	MARTES	MIYERKULES	HUWEBES	BIYERNES	SABADO
		1 Alalahanin ang Paggabay ng Diyos ***Deuteronomio 8:1-10*** Magpasalamat sa Diyos sa paggabay Niya sa buong taon.	**2** Magalak sa mga Tinugong Panalangin ***Mga Awit 66:16-20*** Magpasalamat sa Diyos sa mga tinugong panalangin.	**3** Matuto sa Mahihirap na Panahon ***Roma 5:1-5*** Hilinging makita kung paano pinatibay ng mga pagsubok ang pananampalataya.	**4** Kilalanin ang Katapatan ng Diyos ***Mga Panaghoy 3:21-26*** Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang di-nagmamaliw na pag-ibig sa lahat ng kalagayan.	**5** Baunin ang mga Natutuhan ***Mga Awit 90:10-17*** Humingi sa Diyos ng karunungang isabuhay ang mga aral na natutuhan.
6 Suriin ang Iyong Puso ***Mga Awit 139:17-24*** Hilingin sa Diyos na ihayag ang anumang kailangang baguhin sa iyong buhay.	**7** Tanggapin ang Kapatawaran ng Diyos ***1 Juan 1:5-2:2*** Ipahayag ang iyong mga kasalanan at magpasalamat sa kapatawaran ng Diyos.	**8** Magpatawad sa Iba ***Efeso 4:25-32*** Hilingin sa Diyos na tulungan kang patawarin ang taong nakasakit sa iyo.	**9** Gawin ang Unang Hakbang ***Mateo 5:21-26*** Ipanalangin ang tapang na maayos ang isang nasirang ugnayan.	**10** Ayusin ang Ugnayan sa Kapwa ***Lucas 19:1-10*** Hilingin sa Diyos na ipakita kung saan kailangang humingi ng tawad.	**11** Piliin ang Kapayapaan ***Roma 12:14-21*** Ipanalanging maging tagapamayapa sa pamilya, iglesya, at pamayanan.	**12** Tanggapin ang Bagong Puso ***Mga Awit 51:7-12*** Hilinging baguhin ng Diyos ang iyong puso at ilapit ka kay Jesus.
13 Pahalagahan ang Regalo ng Ngayon ***Mga Awit 118:19-29*** Magpasalamat sa Diyos sa araw na ito at sa mga pagkakataong hatid nito.	**14** Pahalagahan ang mga Tao sa Paligid Mo ***Filipos 1:3-11*** Magpasalamat sa Diyos sa mga taong nagpapayaman sa iyong buhay. Ipanalangin sila.	**15** Pansinin ang Maliliit na Pagpapala ***Santiago 1:12-18*** Hilinging imulat ng Diyos ang iyong mga mata sa simpleng mga pagpapala araw-araw.	**16** Masiyahan sa Kung Ano ang Mayroon Ka ***Filipos 4:10-13*** Magpasalamat sa Diyos sa mayroon ka at humingi ng pusong marunong masiyahan.	**17** Magpasalamat sa Bawat Kalagayan ***1 Tesalonica 5:12-22*** Hilingin sa Diyos ang pusong mapagpasalamat sa mahihirap na kalagayan.	**18** Gawing Pagkabukas-palad ang Pasasalamat ***Hebreo 13:1-16*** Hilinging ipakita ng Diyos kung sino ang maaari mong bahaginan ng Kanyang mga pagpapala.	**19** Mamuhay nang May Pasasalamat ***Colosas 3:12-17*** Ipanalanging maging bahagi ng iyong paglakad kasama si Jesus ang pasasalamat.
20 Alalahanin ang Pangako ng Diyos ***Isaias 9:2-7*** Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang tapat na pangakong magsugo ng Tagapagligtas.	**21** Magalak sa Regalong si Jesus ***Juan 3:14-21*** Magpasalamat sa Diyos sa pagsusugo kay Jesus upang mahalin at iligtas tayo.	**22** Tanggapin ang Regalo ng Kapayapaan ***Juan 14:25-31*** Ilapit kay Jesus ang iyong mga alalahanin. Hilingin ang Kanyang kapayapaan.	**23** Ibahagi ang Mabuting Balita ***Lucas 2:8-20*** Ipanalangin ang pagkakataong ibahagi sa isang tao ang pag-asa kay Jesus.	**24** Alalahanin: Kasama Natin ang Diyos ***Mateo 1:18-25*** Magpasalamat sa presensya ng Diyos. Humingi ng pananampalatayang higit na magtiwala sa Kanya.	**25** Magalak sa Pinakadakilang Regalo ***Lucas 2:1-20*** Magpasalamat sa Diyos sa regalong si Jesus at sa kaligtasang Kanyang iniaalok.	**26** Asamin ang Kanyang Pagbabalik ***Juan 14:1-6*** Magpasalamat kay Jesus sa pangakong babalik Siya at sa kapayapaang Kanyang ibinibigay.
27 Iwan sa Likuran ang Nakaraan ***Filipos 3:7-14*** Hilingin sa Diyos na tulungan kang iwan ang nakaraan at ituon ang pansin sa Kanya.	**28** Magtiwala sa Diyos sa Di-tiyak ***Kawikaan 3:1-12*** Ipaubaya sa Diyos ang iyong mga plano at mga di-katiyakan para sa 2027.	**29** Unahin ang Mahalaga sa Diyos ***Mateo 6:25-34*** Hilinging tulungan ka ng Diyos na unahin ang Kanyang kaharian sa darating na taon.	**30** Maging Handang Maglingkod ***Isaias 6:1-8*** Manalangin: "Panginoon, narito ako. Gamitin Mo ako saan Mo man ako kailangan."	**31** Muling Magsimula Kasama si Jesus ***2 Corinto 5:14-21*** Magpasalamat sa biyaya ng Diyos na nagpapanibago. Ialay ang iyong sarili sa Kanya.		